ANG DIYOS NINA ABRAHAM, ISAAC, AT JACOB

(Huwebes—Unang Sesyon sa Umaga)

Mensahe Isa

Pagkilala at Pagdaranas
sa Diyos ni Abraham, sa Diyos ni Isaac, at sa Diyos ni Jacob
upang Maging Israel ng Diyos

Babasahin sa Kasulatan: Gen. 28:13; 33:20; Exo. 3:6, 14-15; Gawa 3:13; Gal. 6:16; 1 Tes. 1:1

I. Ang ating Diyos ay ang Diyos ng tatlong partikular na tao—sina Abraham, Isaac, at Jacob; ito ay nagpapahihiwatig na Siya ang Tres-unong Diyos—Exo. 3:15; Mat. 28:19; 2 Cor. 13:14:

A. Sina Abraham, Isaac, at Jacob ay mga pundasyon ng bansang Israel; kung wala sila ay hindi magkakaroon ng bansang Israel—Exo. 3:15-16:

1. Ang bayan ng Diyos ay naging Kanyang bayan sa pamamagitan ng mga karanasan nina Abraham, Isaac, at Jacob; ang kanilang mga karanasan ay humantong sa pagiging Israel, ang bayan ng Diyos.
2. Kailangan nating lahat na magkaroon ng mga elemento nina Abraham, Isaac, at Jacob; kung wala ang mga elementong ito ay hindi tayo maaaring maging bayan ng Diyos, ang Israel ng Diyos.

B. Sa aklat ng Genesis, ang mga talâ tungkol kina Abraham, Isaac, at Jacob ay may mga bahaging magkakasaklaw; hindi sila inilalarawan ng Genesis bilang tatlong magkakahiwalay na indibidwal kundi bilang mga bumubuo sa isang sama-samang tao:

1. Ang karanasan ni Abraham ay sumasagisag sa pagdaranas sa Diyos Ama, ang namumukod-tanging pinagmumulan, sa Kanyang pagtawag sa tao, pag-aaring-matuwid sa tao, at pagsasangkap sa tao upang mamuhay sa pamamagitan ng pananampalataya at mamuhay sa pakikipagsalamuha sa Kanya—12:1; 15:6; mga kap. 17—18; 19:29; 21:1-13; 22:1-18.
2. Ang karanasan ni Isaac ay sumasagisag sa pagdaranas sa Diyos Anak sa Kanyang pagtutubos sa tao at Kanyang pagpapala sa tao ng mana ng lahat ng Kanyang kayamanan, ng buhay ng pagtatamasa sa Kanyang kasaganaan, at ng buhay sa loob ng kapayapaan—bb. 1-14; 25:5; 26:3-4, 12-33.
3. Ang karanasan ni Jacob (kasama si Jose) ay sumasagisag sa pagdaranas sa Diyos Ama sa Kanyang pag-ibig sa tao at pagpili sa tao (Mal. 1:2; Roma 9:10-13) at sa Diyos Espiritu sa Kanyang pagsasanhi sa lahat ng bagay na sama-samang gumagawa para sa ikabubuti ng mga umiibig sa Kanya, sa Kanyang pagtatransporma sa tao, at sa Kanyang pagpapagulang sa tao sa dibinong buhay nang sa gayon ay mapagpala ng tao ang lahat ng tao, mamuno sa buong lupa, at mabigyang-kasiyahan ang lahat ng tao sa pamamagitan ng Diyos Anak bilang panustos-buhay—Gen. 27:41; 28:1—35:12; mga kap. 37; 39—49; Roma 8:28-29.

II. Kailangan nating makilala at maranasan ang Diyos ni Abraham, ang Diyos ni Isaac, at ang Diyos ni Jacob:

A. Nanampalataya si Abraham sa Diyos bilang ang namumukod-tanging pinagmumulan, bilang ang Isa na "tumatawag sa mga bagay na hindi pa umiiral na umiiral na"—4:17:

1. Kailangang makamit ang gol ng Diyos ayon sa panahon ng Diyos at sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos—Gen. 17:17, 19, 21.
2. Gumawa ang Diyos ng espesyal na gawain kay Abraham upang maipakita sa kanya kung ano ang ibig sabihin na ang Diyos ay Ama—Efe. 4:6:
   a. Ang makilala ang Diyos bilang Ama ay ang malamang Siya ang pinagmumulan, ang namumukod-tanging Tagapagpasimula, at lahat ng bagay ay nagmumula sa Kanya—Mat. 15:13.
   b. Kailangan nating lahat na malaman na ang Diyos ay ang Ama at ang lahat ng bagay ay nagmumula sa Kanya—Roma 11:36; 1 Cor. 8:6; Efe. 3:14-16.

B. Kay Isaac, ang pinakamainam na larawan ng Anak, nakikita natin na ang lahat ng bagay ay nagmumula sa Ama—Gen. 24:36; 25:5:
   1. Ayon sa larawan sa Genesis 22, si Isaac ay sumasagisag kay Kristo sa isang detalyadong paraan.
   2. Ang prinsipyo ni Isaac ay ang prinsipyo ng pagtanggap—25:5; 1 Cor. 4:7:
      a. Ang kahulugan ng Diyos Anak ay na ang lahat ng bagay ay tinatanggap at walang anumang bagay ang pinasisimulan Niya—Juan 16:15; 17:10; 5:19, 30.
      b. Kay Isaac, nakikita natin na ang lahat ng bagay ay nagmumula sa Ama at ang ating katayuan ay ang tumanggap—Gen. 26:12-13; Roma 11:36; 1 Cor. 4:7:
         (1) Ang relasyon ni Isaac kay Abraham ay ang pagtanggap; ang makilala ang Diyos ni Isaac ay ang makilala ang Diyos bilang Tagapagtustos—Gen. 24:36.
         (2) Ang Diyos ay ang Ama, at lahat ng bagay ay nagmumula sa Kanya; tayo ay mga anak, at lahat ng mayroon tayo ay mula sa Kanya—1 Cor. 8:6; 11:12b.

C. Kay Jacob, nagsasalita *ito* sa atin hinggil sa Espiritu Santo; ang kanyang mga karanasan ay kumakatawan sa gawain ng Espiritu Santo, at ang kanyang kasaysayan ay isang sagisag ng pagdidisiplina ng Espiritu Santo:
   1. Ang buhay ni Jacob ay isang buhay na kumakatawan sa mga pagtutuos ng Diyos, at ang Diyos ni Jacob ay ang Diyos ng mga pagtutuos—Gen. 31:38-41:
      a. Ang titulong *ang Diyos ni Jacob* ay nagpapahiwatig kung paano dinisiplina si Jacob ng Espiritu Santo, tinuos ang kanyang natural na buhay, ibinuo si Kristo tungo sa loob niya, at nagpasibol ng bunga ng Espiritu sa loob niya—Gal. 5:22-23; Heb. 12:11.
      b. Kung nais nating makilala ang Diyos ni Jacob, kailangan nating hayaan ang Espiritu na isagawa ang Kanyang gawain sa loob natin, tinutuos ang ating natural na buhay at ibinubuo si Kristo tungo sa loob natin.
   2. Ang kasaysayan ni Jacob ay isang larawan ng pagdidisiplina ng Espiritu Santo—Gen. 47:9; 48:15-16a; Heb. 12:9-11:
      a. Ang pagdidisiplina ng Espiritu Santo ay tumutukoy sa ginagawa ng Espiritu Santo sa ating panlabas na kapaligiran—sa Kanyang pagsasaayos ng lahat ng tao, bagay, at pangyayari—na sa pamamagitan ng mga ito ay nadidisiplina tayo—Roma 8:28.
      b. Sa pamamagitan ng pagdidisiplina ng Espiritu Santo, lubusang ginigiba ng Diyos ang elemento ng lumang nilikha sa loob natin nang sa gayon ay maitayo ang elemento ng bagong nilikha sa loob natin.
   3. Tinutuos ng Diyos ang ating natural na buhay sa pamamagitan ng pagdidisiplina ng Espiritu Santo nang sa gayon ay maisagawa si Kristo tungo sa loob natin, maibuo tungo sa loob natin, at maihubog sa loob natin para sa sama-samang kahayagan ng Tres-unong Diyos—Gal. 4:19; Efe. 3:16-21.

D. Ang Diyos ni Abraham, ang Diyos ni Isaac, at ang Diyos ni Jacob ay si Jehovah, Elohim—ang sariling umiiral at magpakailanmang umiiral na Tres-unong Diyos, ang walang hanggang dakilang Ako Nga—Exo. 3:6, 14; Apoc. 1:4.

E. Ang Diyos ni Abraham, ang Diyos ni Isaac, at ang Diyos ni Jacob ay ang Diyos ng pagkabuhay na muli—Exo. 3:6, 15; Mat. 22:23-33; Gawa 3:13.

F. Ang Diyos ni Abraham, ang Diyos ni Isaac, at ang Diyos ni Jacob ay ang Diyos ng tabernakulo; ang bawat isa kina Abraham, Isaac, at Jacob ay nanirahan sa tolda; habang naninirahan sila sa mga tolda, sabik nilang hinihintay ang walang hanggang tabernakulo ng Diyos, ang lunsod ng Bagong Herusalem—Exo. 40:34-35; Gen. 12:8; 13:18; 26:17, 25; 33:18; 35:21; Heb. 11:9-10; Apoc. 21:2-3.

G. Ang Diyos ni Abraham ay ang Diyos ng pag-aaring matuwid (Gen. 15:6; Roma 4:2-3), ang Diyos ni Isaac ay ang Diyos ng biyaya (2 Cor. 13:14), at ang Diyos ni Jacob ay ang Diyos ng transpormasyon sa pamamagitan ng dibinong pagdidisiplina (3:18; Heb. 12:5-11); kalaunan, ang Diyos ni Jacob ay naging ang Diyos ni Israel (Gen. 33:20; Exo. 5:1), ang Diyos ng natranspormang Jacob.

III. Ang kinalabasan ng pagdaranas sa Diyos ni Abraham, sa Diyos ni Isaac, at sa Diyos ni Jacob ay ang Israel ng Diyos, ang ekklesia sa loob ng Tres-unong Diyos—Gen. 35:10; 33:20; Gal. 6:16; 1 Tes. 1:1; Mat. 28:19:

A. Ang Israel ng Diyos ay ang tunay na Israel (Roma 9:6b; 2:28-29; Fil. 3:3), kabilang ang lahat ng Hentil at Hudyong mananampalataya kay Kristo, na mga tunay na anak ni Abraham, na siyang sambahayan ng pananampalataya, at yaong mga nasa bagong paglikha—Gal. 3:7, 29; 6:10, 15-16:

1. Ang tunay na Israel, ang espiritwal na Israel, ay ang ekklesia—b. 16; Mat. 16:18.
2. Sa Bagong Tipang ekonomiya ng Diyos, ginawa tayong kapwa mga anak ng Diyos at Israel ng Diyos; ang ating itinakdang kalagayan ay ang maging mga anak ng Diyos na naghahayag sa Diyos at mga hari ding naghahari sa kaharian ng Diyos—Gal. 3:26; 6:10, 16; Apoc. 5:10; 21:7; 22:5b; 12:5a.
3. Bilang Israel ng Diyos, ikinakatawan natin ang Diyos, ineensayo ang Kanyang awtoridad, at isinasagawa ang Kanyang administrasyon sa lupa para sa pagsasakatuparan ng Kanyang layunin—Gen. 1:26, 28; Luc. 10:19; Apoc. 12:5, 7-11.

B. Ang Israel ng Diyos ay ang ekklesia sa loob ng Tres-unong Diyos—1 Tes. 1:1; Mat. 28:19:

1. Kapag nagsasalita si Pablo hinggil sa ekklesia na nasa Diyos Ama at nasa Panginoong Hesu-Kristo, ang tunay niyang ibig sabihin ay yaong ang ekklesia ay nasa loob ng Tres-unong Diyos—1 Tes. 1:1, 1 Cor. 1:2; 12:4-6:
   a. Ang mga katagang *Diyos Ama* at *Panginoong Hesu-Kristo* ay kapwa nagpapahiwatig sa Espiritu; kaya sa 1 Tesalonica 1:1, ang Espiritu ay ipinahihiwatig at nauunawaan, at maaari tayong magsalita hinggil sa ekklesia na nasa Tres-unong Diyos.
   b. Ayon sa Biblia, walang gayong bagay kung saan ang ekklesia ay nasa Diyos lamang; sa halip, ang ekklesia ay nasa naprosesong Tres-unong Diyos—Mat. 28:19; 2 Cor. 13:14.
   c. Na ang ekklesia ay nasa Diyos Ama at nasa Panginoong Hesu-Kristo ay nangangahulugang ang ekklesia ay nasa naprosesong Tres-unong Diyos—ang Isa na naging Espiritung nagbibigay-buhay kasama ng Ama at ng Anak—Mat. 28:19; Efe. 4:4-6; Juan 14:20.

2. Kung makikita natin ang pangitain hinggil sa ekklesia na nasa Tres-unong Diyos, kokontrolin ng pangitaing ito ang ang ating pag-iisip, ang ating mga aktibidad, at ang ating buong buhay—Kaw. 29:18a; Gawa 26:19.

© 2026 Living Stream Ministry